

# Paano Magbabago ang Iyong Bayarin sa Utilidad

## Mga Bagay na Kailangan Mong Malaman

Kapag may naka-install na mga solar system sa mga multifamily na ari-arian, maaaring ibahagi ang enerhiyang nagagawa ng system sa bawat sambahayan ng nangungupahan at sa lahat ng karaniwang espasyo. Ang proseso ng pagsingil na nagpapahintulot sa pagbabahagi ng mga benepisyo ng produksyon ng enerhiya sa iyong sambahayan ay tinatawag na Virtual Net Energy Metering (VNEM). Sa pamamagitan ng VNEM, makakatanggap ka ng mga credit sa bayarin na ilalapat sa iyong singil sa enerhiya bawat buwan.




- 1 Ang kuryente ay nalilikha ng mga solar panel sa iyong ari-arian.
- 2 Ang kuryente ay ipinapadala sa electric grid at sinusukat gamit ang isang bagong na-install na solar meter. Ang electric grid ay ang network na pinapatakbo ng iyong kumpanya ng utilidad na naghahatid ng kuryente sa mga tahanan, negosyo, at iba pang mga gumagamit.
- 3 Ang kuryenteng kinokonsumo mo sa iyong tahanan ay sinusukat gamit ang iyong metro ng kuryente.
- 4 Ilalapat ng iyong kumpanya ng utilidad ang mga credit sa bayarin sa solar na inilaan sa iyong sambahayan, na siyang magbabawas sa iyong singil bawat buwan.

## Ano ang Dapat Malaman Tungkol sa Iyong Kasalukuyang Bayarin ng Utilidad

Ang iyong kasalukuyang bayarin sa utilidad ay kinakalkula batay sa isa sa dalawang magkaibang istruktura ng rate: tiered at time-of-use (TOU).


### Naka-tier na Rate

Ang iyong bayarin ay kinakalkula ayon sa iba't ibang tier o antas. Ang bawat tier ay may partikular na dami ng kuryente (kilowatt-hours o kWh) na maaari mong gamitin. Kapag ginamit mo ang lahat ng kuryente sa iisang tier, mahuhulog ka sa mas mataas na tier kung saan tataas ang presyo kada kWh. Ibig sabihin, mas malaki ang babayaran mo kapag mas madaming kuryente ang ginamit mo. Karaniwang may dalawa hanggang apat na tier sa istruktura ng naka-tier na rate.



### Rate ng Oras ng Paggagamit (TOU)

Ang mga istruktura ng rate sa oras ng paggamit ay batay sa kung kailan ka gumagamit ng kuryente. Nangangahulugan ito na ang presyo ng kuryente (kilowatt-hour o kWh) ay mag-iiba batay sa oras ng araw na ito ay ginagamit o kinokonsumo. Ang mga TOU rate ay may mga peak na oras at off-peak na oras at mas mataas ang mga rate sa mga peak na oras.



## Ano ang Dapat Malaman Tungkol sa Iyong Bagong Bayarin ng Utilidad

Mahalagang maunawaan kung paano makakaapekto ang pag-install ng solar panel system sa iyong ari-arian sa iyong bayarin ng utilidad. Magkakaroon ng mga pagbabago sa hitsura ng iyong bayarin at kung paano ito kinakalkula. Kapag na-install na at gumagana na ang solar panel system, lilipat ka ng iyong kumpanya ng utilidad sa TOU rate structure. Habang hinihintay ang pagiging available sa iyong rehiyon ng IOU, maaari kang pumili na bumalik sa isang naka-tier na rate structure.

## Mga Madalas Itanong

### 1. Kailan ko makikita ang mga credit sa bayarin sa aking bayarin sa utilidad?

Magsisimula kang makakita ng mga pagbaba sa iyong bayarin sa utilidad kapag gumagana at naghahatid na ng kuryente ang solar system sa iyong ari-arian. Nag-iiba-iba ang tagal ng pagkakakonekta ng sistema, ngunit inaasahang aabutin ng ilang linggo pagkatapos mai-install ang sistema bago mo makita ang mga pagbabagong makikita sa iyong bayarin sa utilidad.

### 2. Kailangan ko bang mag-sign up para sa mga credit sa bayarin?

Hindi mo kailangang mag-sign up para makatanggap ng mga credit sa bayarin. Awtomatikong lalabas ang mga credit sa bayarin sa iyong bayarin sa utilidad pagkatapos na gumana na ang solar system at magbigay ng kuryente sa iyong ari-arian.

### 3. Magkano ang aasahan kong matitipid ko sa aking bayarin?

Mag-iiba ang iyong mga credit sa bayarin batay sa dami ng kuryenteng nalilikha ng solar system sa iyong ari-arian, ang dami ng enerhiyang ginagamit mo, at ang istruktura ng iyong rate sa utilidad.

### 4. Makatanggap ba ako ng parehong halaga ng mga credit sa bayarin bawat buwan at gagawa ba ang solar system ng parehong dami ng kuryente bawat buwan?

Mag-iiba ang mga credit sa bayarin batay sa dami ng kuryenteng nalilikha ng solar system. Ang produksyon ng kuryente mula sa isang solar system ay hindi magiging pareho sa bawat buwan dahil nagbabago ang dami ng sinag ng araw na nagagamit depende sa panahon. Nangangahulugan ito na ang isang solar system ay karaniwang makakagawa ng mas maraming kuryente sa mga buwan ng tag-araw kumpara sa mga buwan ng taglamig kapag mas maikli ang oras ng liwanag ng araw.

### 5. Kung walang solar panel na nakakabit sa bubong ng aking gusali, matatanggap ko pa rin ba ang mga credit sa bayarin?

Oo. Hindi kailangang naka-install ang mga solar panel sa bubong ng iyong gusali para makatanggap ka ng mga credit sa bayarin.

### 6. Kung ako ay naka-enroll sa CARE/FERA Program, maaapektuhan ba ng mga credit sa bayarin ang aking pagpapa-enroll?

Hindi, walang anumang pagbabago sa iyong mga benepisyo sa Programang CARE/FERA. Makatanggap ka ng mga credit sa bayarin bukod pa sa mga benepisyo ng programa.

### 7. Kung matanggap ko ang aking bayarin sa utilidad sa pamamagitan ng koreo, ipapadala pa rin ba ang aking bayarin kahit na makumpleto na ang pag-install ng solar system?

Oo, matatanggap mo pa rin ang iyong bayarin sa utilidad sa pamamagitan ng koreo bawat buwan. Magsisimula ka ring makatanggap ng isa pang dokumento na may kaugnayan sa solar system bawat buwan na hiwalay sa iyong buwanang bayarin sa utilidad.

### 8. Kung matatanggap ko ang aking bayarin sa utilidad sa elektronikong paraan, matatanggap ko pa rin ba ang aking bayarin sa elektronikong paraan kahit matapos ang pag-install ng solar system?

Oo, matatanggap mo pa rin ang iyong bayarin sa utilidad kada buwan. Magsisimula ka ring makatanggap sa pamamagitan ng koreo ng isa pang dokumento na may kaugnayan sa solar system bawat buwan na hiwalay sa iyong buwanang bayarin sa utilidad.

### 9. Makakagawa ba ng enerhiya ang solar system kapag nawalan ng kuryente?

Kapag nawalan ng kuryente, papatayin ang solar system. Ito ay para sa kaligtasan ng mga manggagawa sa utilidad at emergency.

### 10. Kanino ako dapat makipag-ugnayan kung mayroon akong mga tanong o alalahanin tungkol sa aking bayarin sa utilidad o sa mga credit sa bayarin?

Maaari mong tawagan ang linya ng serbisyo sa customer batay sa iyong kumpanya ng utilidad para sa mga katanungan tungkol sa bayarin:

PG&E – Telepono: 877-743-4112 | Email: [SOMAHsupport@pge.com](mailto:SOMAHsupport@pge.com)

SCE – Telepono: 626-967-8386 | Email: [SOMAHsupport@sce.com](mailto:SOMAHsupport@sce.com)

SDG&E – Telepono: 619-676-1677 | Email: [SOMAHsupport@sdge.com](mailto:SOMAHsupport@sdge.com)

Pacific Power – Telepono: 503-813-7454 | Email: [SOMAHsupport@PacifiCorp.com](mailto:SOMAHsupport@PacifiCorp.com)

Liberty – Telepono: 530-543-5216 | Email: [CANetmetering@libertyutilities.com](mailto:CANetmetering@libertyutilities.com)

### 11. May nakikita akong bagong Base Service Charge sa aking bayarin. Ano ang bagong singil na ito?

Ang bagong Base Services Charge ng California ay hindi isang bagong buwis o singil. Ang mga partikular na fixed na gastos ay nakahiwalay sa iyong mga singil sa paggamit ng kuryente at ipinapakita bilang isang Base Services Charge. Kahit na mabawi ng mga credit sa bayarin sa solar ang karamihan sa paggamit mo ng enerhiya, makakakita ka pa rin ng maliit na buwanang fixed charge. Kasabay nito, bababa ang gastos na babayaran mo para sa bawat kilowatt-hour (kWh) ng kuryente. Hindi makakaapekto ang Base Services Charge sa iyong pakikilahok sa CARE o FERA, at maaari kang makatanggap ng may diskwentong Base Services Charge.